**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## I. ANG FOUR BIGGEST THREATS

Ang salitang threat o banta ay ang tao o bagay na nagdudulot ng panganib o kapahamakan sa iba. Maraming threats o banta ang kinakaharap mo sa iyong teenage years kaya naman dapat ay handa ka na makilala, harapin at mapagtagumpayan ang mga ito.

Ang mga kabataan na dapat sana ay pag-asa ng bayan ang nagiging problema ng lipunan. Simula grades 5 and 6 pa lamang ay makikita na silang naninigarilyo, umiinom ng alak, humihithit ng rugby o marijuana o kaya ay gumagamit ng droga. Sa halip na maging high sa pag-aaral, sila ay nagpapaka-high sa iba't-ibang uri ng ipinagbabawal na gamot.

Isa ka ba sa mga kabataang ito?

### Threat No. 2: SUBSTANCE ABUSE AT ILLEGAL DRUGS

Ang substance abuse ay ang paggamit ng alcohol, sigarilyo o over the counter na mga gamot para sa kasiyahan o self-satisfaction at hindi para sa nakalaan na gamit nito. Ang iba't-ibang uri naman ng substances na hindi pinapayagan ang isang individual na magkaroon or purchase, hindi ni-rereseta ng doctor at walang medical benefit ay halimbawa ng illegal drugs.
Ang alak at sigarilyo ay ang pinaka-abused substance na ginagamit ng mga kabataan ngayon. Ito ay nagiging gateway patungo sa paggamit ng iba't-ibang illegal drugs. Nagsisimula sa patikim-tikim, hindi magtatagal ay nalulong na at hindi na makawala.

**TIME OUT**

Ano ang abused substance or illegal drug ang mapapamsin mong ginagamit ng majority ng kabataan?

______________________________________________________________________

Ano ang maaaring dahilan kung bakit ang isang kabataang tulad mo ay gagamit/ gumagamit ng kahit anong nabanggit na abused substance or illegal drug?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**PAG-ARALAN:**
Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**Kawikaan 20:1**
Ang alak ay nagpapababa sa dangal ng isang tao, kaya isang kamangmangan ang magpakalulong dito.

*Wine is a mocker, strong drink a brawler, and whoever is led astray by it is not wise.*

**1 Tesalonica 4:3**
Huwag kayong maglalasing, sapagkat sisirain lamang niyan ang inyong buhay. Sa halip ay dapat kayong mapuspos ng Espiritu.

*And do not get drunk with wine, for that is debauchery, but be filled with the Spirit,*

**Efeso 5:15**
Kaya't mag-ingat kayo kung paano kayo namumuhay. Mamuhay kayong tulad ng matatalino at di tulad ng mga mangmang.

*Look carefully then how you walk, not as unwise but as wise*

**Lucas 21:34**
"Mag-ingat kayo na huwag kayong malulong sa labis na pagsasaya, paglalasing at matuon ang inyong pag-iisip sa mga alalahanin sa buhay na ito; kung hindi ay bigla kayong aabutan ng Araw na iyon na tulad ng isang bitag.

*"But watch yourselves lest your hearts be weighed down with dissipation and drunkenness and cares of this life, and that day come upon you suddenly like a trap.*

1. Ayon sa Kawikaan 20:1, ano ang epekto ng alak sa dangal ng isang tao?

   ___________________________________________

   ___________________________________________

2. Ayon sa 1 Tesalonica 4:3, ano ang epekto ng paglalasing?

   ___________________________________________

   ___________________________________________

3. Sinabi sa Efeso 5:15 na dapat tayong mamuhay ng may katalinuhan. Ang paggamit ba ng illegal drugs ay isang uri ng pamumuhay na may katalinuhan? Bakit mo nasabi ito?

   ___________________________________________

   ___________________________________________

4. Ayon sa Lucas 21:34, ano ang mga dapat natin pag-ingatan na maaaring makabihag sa atin?

   ___________________________________________

   ___________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang kabataan na naho-hook sa paggamit ng alcoholic drinks, sigarilyo o illegal drugs ay madalas na bunga ng peer pressure dahil sa pagnanasa na makamtan ang paghanga o pakikisama ng mga astig sa grupo. Ang iba naman ay dahil sa curiosity, thrill, bilang outlet pag may problema o kaya naman ay gustong maging "cool" dahil kulang sa pansin.

Ano nga ba ang magiging epekto ng paggamit at pagkalulong sa mga ito?

Sigarilyo → Toxic chemicals → Sakit sa lalamunan o baga

Alcoholic drink → Pinababagal ang CNS → Wala sa matinong pag-iisip

Illegal drugs → Pagkasira ng body organs → Iba't-ibang uri ng sakit

Ang sigarilyo ay naglalaman ng iba't-ibang chemicals na nakasasama sa katawan gaya na lamang ng nicotine, cadmium, tar at iba pa. Ang mga ito ay maaaring magdulot ng iba't-ibang lung problem o kaya ay sakit sa lalamunan.

Ang iba't-ibang alcoholic drinks ay nakakapagpabagal ng function ng ating central nervous system (CNS) na binubuo ng ating utak at spinal cord. Ang end result nito ay poor judgment, violence, at pinababagal ang ating reaction time.

Ang illegal drugs ay unti-unting nakakasira ng iba't-ibang organs ng katawan. Kapag ito ay nangyari, hind magagawa ng wasto at maayos ang function ng organ na ito. Sa kalaunan ito ay magdudulot ng samut-saring sakit.

Kung ire-research at pag-aaralan ang lahat ng short at long term effects ng paggamit ng mga substances na ito, walang mabuting mababanggit dito. Sa halip ay puro masama at hindi maganda, lalong-lalo na sa isang kabataang hindi pa fully developed physically at mentally.

May ibang epekto ka pa bang naiisip na hindi nabanggit? Ito ba ang nais mong maging future?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Ano ang short term at long term effect ng mga bisyong nabanggit sa lesson?

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

2. Kung ang paggamit abused substances at illegal drugs ay walang mabuting naidudulot sa katawan, dapat mo pa bang subukan o ipagpatuloy na gamitin ito?

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | Makakaiwas ako na gumamit o malulong sa sigarilyo, alcoholic drink o illegal drugs kung: |

**Verse of the Day:**
Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu’y nakahanda ngunit ang laman ay mahina. ***Matthew 26:41***